# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 08, 2021, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SB
RELEASED
NAME
DATE 11-23-21
TIME
STA. CRUZ LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
22 NOV 2021
Santa Cruz, Laguna

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 475-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 084-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 05-T2021 NG BARANGAY LABUIN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG HONORARIA SA MGA MIYEMBRO NG SANGGUNIANG BARANGAY, SK CHAIRWOMAN, KALIHIM AT INGAT-YAMAN NG BARANGAY PARA SA TAONG 2022.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Labuin sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 084-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 05-T2021 na nagdaragdag ang honoraria sa mga miyembro ng Sangguniang Barangay, SK Chairwoman, Kalihim at Ingat-Yaman ng barangay para sa taong 2022;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito nang naaayon sa Local Budget Circular ng Department of Budget and Management entitled – Position Classification and Compensation of Barangay Officials and Personnel.

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 084-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 05-T2021 ng Barangay Labuin, Santa Cruz, Laguna na nagdaragdag ng honoraria sa mga miyembro ng Sangguniang Barangay, SK Chairwoman, Kalihim at Ingat-Yaman ng barangay para sa taong 2022.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Labuin, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 08, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Maria Teresa R. Labog

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

11-16-21